Panatilihing ligtas ang iyong anak kapag nagmamaneho ka

ITO ANG BATAS!

BATAS SA CAR SEAT NG CALIFORNIA

Nakaharap dapat sa likod ang mga batang wala pang 2 taong gulang maliban na lang kung **sila ay may timbang na 40 libra o higit pa, at taas na 40 pulgada o higit pa**.

Ang mga batang wala pang 8 taong gulang ay dapat i-buckle sa isang car seat o booster sa back seat. **Magagawa ng mga batang may edad na 8 taon pataas, o na may taas na 4'9" (4 talampakan at 9 na pulgda) o higit pa** na gamitin ang seat belt ng sasakyan kung maayos ang fit nito. Para sa maayos na fit, nasa ibabang bahagi dapat ng balakang ang lap belt, at dapat ay nakadikit ito sa itaas na bahagi ng mga binti, ang shoulder belt naman ay dapat nasa gitna ng dibdib. Kung hindi sapat ang taas ng mga bata para sa maayos na fit ng belt, dapat silang sumakay sa isang booster o car seat. **Maayos dapat na naka-buckle ang lahat ng nasa sasakyan.**

Hindi na kasya ang karamihan ng mga bata sa infant seat bago pa sila maging 1 taon

- Ang susunod na hakbang ay isang convertible na car seat.
- 5 beses na mas ligtas ang nakaharap sa likod kaysa sa nakaharap sa harap.
- Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics na sumakay ang mga bata nang nakaharap sa likod hanggang sa maabot nila ang maximum na timbang o taas na pinapayagan ng manufacturer ng car seat.

Kaitlyn's Law

Labag sa batas ng California na mag-iwan ng batang may edad na 6 na taon pababa nang mag-isa sa sasakyan nang walang bantay na may edad na hindi bababa sa 12 taon kung:

- Nasa ignition ang mga susi o tumatakbo ang sasakyan, o
- May malaking panganib sa bata.

Maayos dapat na naka-buckle ang mga bata sa isang car seat na **nakaharap sa likod hanggang sa edad na 2 taon**

Mga multa at parusa

Para sa bawat batang wala pang 16 na taong gulang na hindi maayos na naka-secure, ang mga magulang (kung nasa sasakyan) o driver ay puwedeng pagmultahin ng mahigit sa $500 at makatanggap ng puntos sa kanilang mga talaan sa pagmamaneho.

Para sa mga sagot sa iyong mga tanong sa kaligtasan ng upuan ng bata, makipag-ugnayan sa Ahensya ng Mga Emergency na Serbisyong Medikal (Emergency Medical Services, EMS) ng County ng Alameda sa **1.510.618.2050** (English, Spanish) o bisitahin ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California sa **cdph.ca.gov/vosp**. Puwede ring mag-alok ang mga ospital at klinika ng kaalaman at mga resource para sa car seat.

Halaw ang nilalaman sa "Mga Pagbabago sa Batas sa Car Seat ng California," Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California.

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH

May mga tanong? Tumawag sa Mga Programang Pangkalusugan ng Alliance
• Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm
Numero ng Telepono: **1.510.747.4577** • Toll-Free: **1.855.891.9169**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**
www.alamedaalliance.org

HE_MBRS_CARSEAT 12/2020
HED S-1 Reviewed 8/2020